Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD MALAYBALAY
Purok 3 Casisang Malaybalay City

130

...ared-MALAYBALAY CITY
RELEASED
APR 14 2015
Date: ______ Time: 1:45

MEMORANDUM PANSANGAY

PARA SA: Tagamasid sa Filipino,Tagamasid Pampook,Distrik Filipino Koordineytor o Pandistritong Tagapangulo/Tagapag-ugnay ng Filipino, Kaguruan sa Filipino na nagtuturo ng asignaturang wikang panturo ay Filipino sa Antas Elementarya,Sekondarya at Tersarya sa Publiko at Pribadong mga Paaralan
Sangay ng Lungsod Malaybalay

BUHAT KAY: EDILBERTO L.OPLENARIA
Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA: **IKA -43 PAMBANSANG SEMINAR –GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO (PASATAF)**

PETSA : Marso 25, 2015

Kalakip nito ang Memorandum na Walang Bilang buhat kay Atty.Shirley O.Chatto Chief *Administrative* Officer, Officer –in-charge *sa Tanggapan ng Direktor Rehiyon 10* hinggil sa Pambansang Samahan ng Mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filiipino (PASATAF) na magaganap sa darating na ika 3-6 ng Mayo, 2015 sa Teachers Camp Lungsod ng Baguio.

Ang halaga ng rehistrasyon ay Tatlong Libo 't *Anim na Raan* (Php3,600.00) at membership fee na karagdagang isang daang piso at Limampung peso (Php 150.00) para sa mga bagong kasapi.

Interesadong kalahok na hangad sasali sa **PASATAF** ay kailangang susulat ng liham intension adres sa Tagapamanihala ng Paaralan atensyon:Maria Concepcion S. Reyes EPS Filipino para sa madaliang paghahanda ng Travel Order at ibang papeles sa pagdalo.

Ang lahat ng mga kabatiran at impormasyong tuon sa naturang Pambansang Samahan ay napapaloob sa nakalakip na sulat.

Daglian at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO
Gregorio A. Pelaez, Sr. Memorial Sports Center
Velez Street, Cagayan de Oro City

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

DepED - X
Cagayan de Oro City
MAR 1 9 2015
1240
RELEASED

MEMORANDUM NA WALANG BILANG

PARA SA: **Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan**

Tawag-pansin:

Mga Pansangay na Tagamasid ng Filipino
Mga Guro ng asignaturang Filipino
Sa Rehiyong ito,

BUHAT KAY: **ATTY. SHIRLEY O. CHATTO**
Chief Administrative Officer
Officer-In-Charge
Office of the Regional Director

PAKSA: **IKA-43 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO (PASATAF)**

PETSA: **IKA-16 NG MARSO, 2015**

Kalakip ay ang Liham Paanyaya para kay **Atty. Shirley O. Chatto**, Chief Administrative Officer, Officer-In-Charge sa Tanggapan ng Direktor Rehiyon 10, tawag-pansin **G. Elesio M. Maribao** Panrehiyong Tagamasid ng asignaturang Filipino at ang DepED Advisory Bilang 21 s. 2015 na nagtataglay ng mga detalye ukol sa gaganaping **"Ika-43 Pambansang Seminar – Gawaing Kapulungan Sa Filipino Ng Pambansang Samahan Ng Mga Tagamasid At Tagapagtaguyod Sa Filipino (PASATAF) "** na may paksang **" Ang Implementasyon At Aplikasyon ng Pagtuturo ng Filipino sa Elementari, Sekondari at Tersyari Salig sa K to 12 : Adbokasyon sa Modernong Panahon"** na gaganapin sa darating na ika-3-6 ng Mayo, 2015 sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio.

Sa lahat na nagnanais dadalo sa gawaing ito ay maaaring makikipag-ugnayan kay Gng.Felicitas Reyes-Garcesa, Lupong Direktor/Kinatawan ng PASATAF Rehiyon 10, (09153448790)

Inaasahang maipaabot nang daglian at malawakan ang Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

[illegible]

NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO (PASATAF)

PAMUNUAN 2014 – 2016

LUPONG TAGAPAGPAGANAP

Dr. Carmelita C. Abdurahman
Pangulo (R-III)

Dr. Ramon J. De Leon
PangkalahatangPangalawang Pangulo (R-III)

G. Jesus B. Valencia Jr.
PangatawangPangulo
(Luzon – NCR)

G. Romeo T. Espedion Jr.
PangalawangPangulo
(Visayas –R VI)

Dr. Felixberto C. Labastilla
Pang.Pangulo (Mindanao – R IX)

Dr. Godfrey G. Montera
Kalihim (R – VIII)

Bb. Rosie A. Martinez
KatuwangnaKalihim (KWF)

Dr. Corazon G. Genobili
Ingat – Yaman (R-II)

Hadji Mohammad
Amin A. Aukasa
Tagasuri (ARMM)

Dr. Elpidia B. Bergado
Tagapagbalita (R – IVA)

LUPONG NG MGA DIREKTOR

G. Luisito V. Libatique
(Rehiyon I)

Gng. Yolanda V. Serag
(Rehiyon IV – B)

Gng. Luz R. Prades
(Rehiyon V)

Gng. Felicitas Reyes - Garcesa
(Rehiyon X)

Gng. Viola S. Esparagoza
(Rehiyon XI)

Pebrero 30 , 2015

DepED-X
2015
RECEIVED

Atty. Shirley O. Chatto
Chief Administrative Officer
OIC, Office of the Regional Director
Sa Pamamagitan : **Sir Elesio M. Maribao**
Tagamasid Panrehiyon

Mahal na Atty. Chatto :

Ang **Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF)** ay magdaraos ng **IKA - 43 PAMBANSANG SEMINAR – GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO** na ang temang **" ANG IMPLEMENTASYON AT APLIKASYON NG PAGTUTURO NG FILIPINO"** sa Elementari , Sekondari at Tersyari , **Salig sa K – 12 : Adbokasyon sa Modernong Panahon** mula Ika-3 hanggang Ika- 6 ng Mayo 2015 sa Lungsod ng Baguio.

Ang mga layunin ng Seminar ay :

1. maisqpanahon ang mga kaalamang pangwika at mapataas ang kalidad ng Edukasyon alinsunod sa pamantayan ng Programa ng K – 12 ;
2. maiangkop ang mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kasalukuyang kurikulum; at
3. magamit sa aktwal na pagtuturo ng mga kaalaman at kasalukuyang natutuhan.

Inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang pangwika at edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga direktor ng PASATAF , mga kinatawan ng tanggapang sentral ng DepEd at CHED , panrehiyon at Pansangay na mga Tagamasid sa Filipino , mga superbisor, punongguro, mga guro sa Elementari, Sekondari at Tersyari (publiko/pribado) at mga dating kasapi sa PASATAF , mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at edukasyon, mga gurong nagtuturo sa Filipino at , mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

Ang halaga sa Ika- 43 Pambansang Seminar – Gawaing Kapulungan ay Tatlonglibo't Anim na Raan **(Php 3,600)** para sa rehistrasyon na gugugulin sa pagkain, handouts,t-shirts,bag, honorarya, at iba pang gastusin at karagdagang Isang Daan at Limampung Piso **(Php 150)** para sa bayad-kasapian sa organisasyong PASATAF.

Kaugnay nito, magalang din pong aanyayahan mula sa inyong mabuting tanggapan ang mga nabanggit na dapat dadalo sa nasabing Pambansang Seminar.

Pauna na ang aming pasasalamat at umaasa na pagbigyan ang kahilingan, alang-alang sa kapakanan at kaunlaran ng **Wikang Filipino** na layunin nating lalong lumalaganap at mahalin sa **Rehiyong 10 at sa buong bansa.**

Matapat na sumasainyo,

FELICITAS REYES – GARCESA
Lupong Direktor / Kintawan ng Rehiyon 10, PASATAF

Dr. CARMELITA C. ABDURAHMAN
Panguio, PASATAF

DepEd Advisory No. 21, s. 2015
January 2, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKA-43 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO (PASATAF)

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng *Ika-43 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino* na may temang *Ang Implementasyon at Aplikasyon ng Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya, Sekundarya, at Tersarya Salig sa K to 12: Adbokasyon sa Modernong Panahon* mula ika-3 hanggang ika-7 ng Mayo 2015 sa Lungsod ng Baguio.

Ang mga layunin ng Seminar ay:

1. maisapanahon ang mga kaalamang pangwika at mapataas ang kalidad ng Edukasyon alinsunod sa pamantayan ng Programa ng K to 12;
2. maiangkop ang mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kasalukuyang kurikulum; at
3. magamit sa aktwal na pagtuturo ang mga kaalaman at kasanayang natutuhan.

Inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang pangwika at edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga director ng PASATAF, mga kinatawan ng tanggapang sentral ng DepEd at CHED, panrehiyon at pansangay na mga tagamasid sa Filipino, mga superbisor, punongguro, mga guro sa elementarya, at sekundarya (publiko at pribado) at mga dating kasapi sa PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at edukasyon, mga gurong nagtuturo sa Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag kay:

Dr. Carmela C. Abdurahman
Pangulo
Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino
(PASATAF)
Bldg. 35, Unit 3535 MRB Building, Commonwealth, Quezon City
Mobile Phone Blg.: 0916-424-7024; 0908-137-1502
Email Address: pasataf@gmail.com

Alma/DA pambansang seminar-gawaing kapulungan as Filipino
0048/0143-January 23, 2015/2-28-15